

# CHAPTER 1

“Congratulations!” Dante pulled him into the typical one-arm, back-slapping man-hug. “You did it again, man.”

Nakangising umupo si Kiel sa lounge chair.

Katatapos lang ng one-night concert niya na bahagi ng international promotional tour ng kanyang bagong release na album, ang *Broadway on Guitar*. Isa iyong collection ng mga Broadway songs na ginawan niya ng guitar cover. Kasama rito ang fingerstyle ng pamosong *Bring Him Home* mula sa *Les Miserables* musical.

Siyempre hinarana rin niya ang mga fans ng mga dati na niyang hits, karamihan ay country music at ilang pop ballads.

“It’s all in the day’s work,” aniyang muling kinuha ang gitara. Instinctively, his fingers landed on familiar frets, strumming a familiar tune. As if they had a mind of their own.

Notes flowed fluidly, creating a sentimental melody he had heard a hundred times in his mind.

“When will you finish composing that one?”

Nagkibit siya ng balikat, tumigil sa pagtugtog at

tuluyang itinago ang gitara sa case. Hindi niya alam kung anong klaseng mahika mayroon ang particular na musika. Hindi niya iyon matapos, pero hindi rin niya maibasura. At sa tuwing may libreng oras siya at hawak niya ang gitara, iyon ang kaagad tinitipa ng mga daliri niya.

Malayo na ang narating ni Kiel mula sa pagiging isang gasoline boy, fastfood crew at waiter sa isang restaurant. Isa na siyang renowned artist—isang guitarist na nalilinya sa mga katulad nina Andrés Segovia, Christopher Parkering, at Eric Henderson. Hinahangaan dahil sa kanyang unique repertoire at versatility. Ilang ulit na siyang nag-tour sa US, Europe at malaking bahagi ng Asia para sa promotion ng kanyang albums. He also had a number of prestigious awards and nominations to his name.

Sa ngayon, patapos na ang kontrata niya sa *Sony Music Entertainment*, isa sa tatlong major record labels sa larangan ng entertainment industry.

Fame, fortune, reverence... he had it all. Despite the success, something still haunts him—like the unfinished song he couldn't erase from his head or that part of his past he couldn't forget no matter how hard he tried.

“I gather Stan already knows your plan.”

Sinulyapan ni Kiel ang kaibigang si Dante.

Nakilala niya ito sa bar na madalas niyang puntahan noong nagsisimula pa lamang ang career niya. Isa itong novelist. Nagkasundo sila kaagad dahil siguro may dugong Filipino rin ito kahit pa ipinanganak ito sa New York. Isang Filipina nurse ang ina nito samantalang college professor ang ama. Lumalim ang kanilang pagkakaibigan kasabay ng pagyabong ng kani-kanilang careers. Habang pumapalo sa mga music chart ang albums niya, unti-unti rin itong gumagawa ng pangalan sa larangan ng literature. Now a millionaire in his own right, Dante was still his

down-to-earth but oftentimes annoying best friend.

“Hindi ko pa nasasabi sa kanya.”

“Hindi siya matutuwa.”

“Well, I don’t care,” Kiel shrugged.

“Are you sure you want to do this? I mean, retire when you’re still at the peak of your career?”

Naiintindihan niya ang pagkagulat ni Dante. Nasa peak siya ng kasikatan. Matunog ang pangalan niya sa larangan ng musika hindi lang sa US kundi maging sa ibang kontinente. Dapat na samantalain niya iyon.

Kiel never expected to reach this far. He had accomplished more than he’d ever dreamed of.

“I gave ten years of my life to the industry. I think it’s enough. I want to focus on my life now. Enjoy the fruits of my success. I’m not getting any younger.”

Eksperto si Dante sa pagbasa sa isang tao. Kilala siya nito higit sa pagkakakilala niya sa kanyang sarili. Walang duda si Kiel na alam nito ang totoong rason kahit anong pilit niyang itago iyon.

Paimbabaw lang ang kasiyahang ipinapakita niya. Sa loob ay may malaking kahungkagan siyang nararamdaman. Hindi niya kayang ipaliwanag. Hindi niya alam kung kailan at paano nagsimula. Unti-unti na lang niyang naramdaman na parang napapagod na siya.

Isang monumental achievement ang na-accomplish niya at hindi siya nagsisisi. Malaki ang pasasalamat niya sa pagkakataong ibinigay sa kanya. Nasa tamang lugar at oras siya isang gabi at hindi na siya lumigon mula noon. Ang hangaan at idolohin dahil sa kanyang talento ay isang overwhelming experience. Bonus na lang ang kumikita siya nang higit sa kaya niyang ubusin sa buong buhay niya.

He was living the perfect life, and yet sometimes he wished he could again be Kiel Henson instead of Zeke Jensen. Kiel the man and not the famous artist Zeke. How

could he tell Dante that maybe he wasn't meant for the limelight after all?

Once there was a time when all he ever wanted was to play his guitar and make music, to sing the words of his heart. Sa gilid ng sapa ang kanyang entablado. Mga ibon, puno at bulaklak ang audience niya. Siyempre naroon si...

No, he wouldn't go there.

Ipinilig niya ang ulo.

Fortunately, Dante was also discreet.

His friend eyed him thoughtfully. "You still have to do that TV ad for *Levi's*."

Bumuntong-hininga siya. "Alam ko." One last commitment and then he'll be free. Hopefully.

"What about Sarah? Alam ba niyang magreretiro ka na?" tukoy nito sa modelong fiancée niya. Their relationship was the longest he had so far and just a month ago, he proposed to her.

"Nasa Paris siya para sa isang show. Sasabihin ko na lang sa kanya kapag nakabalik na siya."

"Sigurado kang papayag siyang iwan ang career niya para sumama sa iyo dito sa Pilipinas? You want to stay here, right?"

"Who says I'll ask her to quit? The reason why we're so compatible is that we both respect each other's individuality."

"Pssh! The reason you're comfortable with her is that she's seldom around. Walang nagbabantay sa iyo."

Tinawanan lang ni Kiel ang komento ng kaibigan niya. "And I'll only be here for a vacation. Sa New York pa rin kami titira pagkatapos ng kasal."

"So are you going back to that place?" pag-iiba ni Dante ng usapan. Ang rancho sa Impasugong ang tinutukoy nito.

Minsan, nang mag-inuman sila ay naikuwento niya

rito ang buhay niya sa probinsya bago siya sumikat. Wala siyang itinago kahit ang totoong pagkatao niya. Alam niyang hindi iyon ipagsasabi ni Dante kahit kanino. Isa ito sa iilang taong alam niyang mapagkakatiwalaan niya.

“Why would I do that?” Isinumpa noon ni Kiel na puputi muna ang uwak bago siya bumalik sa rancho sa Impasugong. Sa pagkakaalam niya, itim pa rin ang balahibo ng uwak hanggang ngayon. “Ten years akong hindi nakauwi ng Pilipinas at gusto kong gugulin dito ang bakasyon ko. But there are more interesting places to go to than that God-forsaken place.”

His statement brought an odd sensation inside his chest. It was not a God-forsaken place. It was a piece of heaven if he'd only be honest.

“What about that little girl you once told me about?” Natigilan siya. “What was her name? Eva? Eve—”

“It's Evie.” Ngayon lang niya uli binanggit ang pangalang iyon. Again, there was that strange twist inside his chest. Wala sa loob na nahimas niya ang dibdib.

“Yeah, si Evie.” Umangat ang isang sulok ng mga labi nito.

“What about her? At bakit bigla mo siyang ipinasok sa usapan?” Pinukol niya ng nagdududang tingin ang kaibigan.

“Wala naman. Bigla ko lang naalala. Maybe you should pay her a visit. She's what, twenty-four... twenty-five—”

“She's twenty-six.” She turned twenty-six last month. August 13<sup>th</sup>. Funny how he could still remember that detail. Then again, Evie was not an ordinary acquaintance.

“So why not pay her a visit? 'Wag mong sabihin na hanggang ngayon, sinisisi mo pa rin siya sa nangyari sa iyo?” Hindi siya nakasagot. “For Pete's sake, Zeke! She's just a kid back then and you're not even an adult yourself. You left angry. Fifteen years is a long time. Don't you

think it's time to put everything behind you, give her some slack and hear her side of the story?"

Para ano pa? Wala ring magbabago sakaling sundin niya ang payo nito. Wala na siyang balak bumalik sa rancho. Wala na siyang pakialam sa mga taong iniwan niya roon.

"I'll think about it." Hindi iyon ang nasa isip niyang sabihin. Bakit iyon ang lumabas sa kanyang bibig?

"Hmm... I think I'm up for a vacation, too. Sabihin mo lang kung kailan ka aalis. I'll tag along." Pinigil niya ang pagkawala ng isang ungol. Hindi na kailangan ni Dante ng imbitasyon. Isa iyon sa perks ng pagiging magkaibigan nila. He could tag along whenever he wanted. And secretly, he would love to bring Dante with him.

Dinukot nito ang pakete ng sigarilyo at humugot ng isang stick. Kinunutan niya ito ng noo. "What?"

"This is a no-smoking room."

Umikot ang mga mata nito. Nagpaalam ito at lumabas pero wala pang limang minuto ay bumalik na uli sa loob, hawak ang hindi pa nasisindihang stick ng sigarilyo sa isang kamay at lighter sa kabila. Kaduda-duda ang seryosong tingin na ipinukol nito sa kanya.

Tinaasan niya ito ng kilay.

"Did you just hire an escort for the night?" he asked.

"What?"

"You know, a woman about five-foot-seven; raven hair; long, shapely legs; tight ass; narrow waist; full, rounded breasts; wide—"

"Okay, stop!" Hindi uso kay Dante ang simpleng description tulad ng *maganda*, *sexy*, *matangkad*. Maybe it was the downside of being a writer—that habit of *show than tell*. He had to describe body parts in context especially when those body parts belong to a woman. "I didn't hire anyone."

Hindi sa pagyayabang pero hindi kailangang umupa ni Kiel ng babae kapag kailangan niya ng sex o companionship. Women usually fall into his lap and considered it an honor to be another notch on his bedpost.

“She’s very persistent.”

“She must be some over-obsessed fan.” Marami siya niyon. He gave Dante a teasing grin. “Akala ko ba’y sanay ka na?”

“I don’t know. Something’s different about her.”

“Well, if you’re interested, feel free to take her offer. I’m sure you can come up with an arrangement.”

“Sigurado kang ayaw mo siyang makita? She’s a hell of a looker.”

Huminga siya nang malalim. “Looker or not, I’m tired. I’m not in the mood for anything other than sleep.” At hindi pa tapos ang gabi niya. Hinihintay lang niya ang manager na si Stan. May dadaluhan pa silang cocktail party na inihanda ng concert organizer para sa kanya.

Nakatutok pa rin sa kanya ang mga mata ni Dante, naninimbang. Nagsimula na siyang mailang. He didn’t wait for him to say anything else. Tumayo siya at isinukbit sa balikat ang guitar case.

“You know what? I think I’ll go back to the hotel,” aniya.

“What about the party?”

“F\*ck the party! Let Stan deal with them. I’m exhausted.”

Hindi na siya pinigil ni Dante. “You want me to bring your car to you?”

“Sure,” nakangising sabi niya.

Lumabas ito at muli siyang naupo sa sofa. Sinamantala ni Kiel ang ilang minutong katahimikan para isandal ang ulo at pumikit. Hindi siya nagdadahilan nang sabihin niya sa kaibigan na napapagod siya.

Wala pang limang minuto nang marinig niya ang pagbukas at pagsara ng pinto.

Napangiti siya. “Ang bilis mo naman,” sabi niya na hindi dumidilat. Wala siyang narinig na sagot. Nabura ang kanyang ngiti kasabay ng pagkunot ng noo.

“Uhm... h-hello.”

Dumilat si Kiel nang marinig ang mahinang boses ng isang babae. His eyes landed on a pair of coffee-colored ones, fringed with long lashes and made more attractive by two perfectly arched brows.

*What the f\*ck!*

“Sino ka? Ano’ng ginagawa mo rito? Paano ka nakapasok?” Somewhere deep in his heart, he already knew the answer.

*Damn!* he said to himself as recognition dawned.

“Ah, ’yung kaibigan mo, uhm... tinawag niya ako. S’abi niya’y okay lang daw na kausapin kita. Siya ang naghatid sa akin dito.”

Muli siyang napamura. He should’ve anticipated something like this.

“I... I’m sorry. Alam kong mali pero wala na akong maisip na ibang paraan. Matagal ko nang hinihintay ang pagkakataon na makausap ka.”

Tinitigan niya ang kabuuan ng kaharap. To say that she’s a looker was an understatement. Clad in what passed as a dress with thin straps and a plunging neckline showing off a drool-worthy cleavage, she was one hot chick. Looking down, she had legs that seemed to go on forever. He couldn’t wait to see her back, to find out how tight her butt was. Sino ang nakakaalam na ang gusgusing bata na palaging nakasunod sa kanya noon ay lalaking ganito kaganda at ka-sexy?

Kiel felt that part of his anatomy stir and he grinned. Nag-init ang buong katawan niya.



Napasinghap ang dalaga nang muli niyang ituon ang mga mata sa mukha nito. Nakita niya ang paggapang ng pamumula mula sa mga pisngi nito pababa sa dibdib.

Tumayo siya, lihim na napangiwi dahil sa discomfort sa pagitan ng kanyang mga hita. One walking, nearly naked sex goddess and tight-fitting jeans did not go well together.

Dahan-dahan siyang lumapit sa babae. Namilog ang mga mata nito habang nakatitig sa kanya. Dahil sa three-inch heels na suot nito ay halos magpantay ang mga mata nila.

“Ano’ng kailangan mo?” He didn’t intend to sound edgy. Then again, he wasn’t prepared for the shock of seeing someone familiar again.


Hindi sinasadyang matuon ang mga mata niya sa dibdib nito. And damn, the view now was even more distracting. Pinilit niyang ibalik ang pansin sa mukha nito. Nakakunot ang noo ng kaharap.

“H-hindi mo ba ako nakikilala?” The uncertainty in her voice made him smile. May kapilyuhang pumasok sa utak niya.

“Oh, I know who you are.” Nagliwanag ang mukha nito. A shadow of a smile curved her lovely lips. “You’re my hired escort for tonight,” he said with a smirk.

The shock on her face was priceless.





## CHAPTER 2

**H**ired escort? Seriously? She knew she dressed the part but...

Hindi makapaniwala si Evie sa kanyang narinig. Talaga bang hindi siya nakikilala ni Kiel? Kunsabagay, kung hindi niya sinubaybayan ang career nito, kung hindi niya inipon ang bawat news article at snapshots tungkol sa binata ay hindi rin niya ito makikilala. Ang layo na ng hitsura nito sa binatilyong natatandaan niya.

Bumukas ang pinto at pumasok ang lalaking tumawag sa kanya kanina.

“Oh, good! I see you’ve met each other already,” anitong nakangisi. Kiel glared at his friend. “Naghihintay na si Rico sa atin sa back entrance.”

Hinawakan ni Kiel ang isang kamay niya at hinila siya palabas. “T-teka, sandali! Hindi mo naintindihan—”

“You want to talk? We’ll talk. Pero hindi rito,” sabi ng binata habang akay siya palabas. Hindi man lang siya nilingon nito. Mukhang wala rin itong pakialam na mataas ang takong ng kanyang sapatos at hirap siyang maglakad. He didn’t slow his pace.

Narinig ni Evie ang mahinang tawa sa kanyang likuran. She bit her lower lip to stop herself from scolding the man behind them.

Habang nakikipagtalo siya sa bantay kanina, isang lalaki ang lumapit at bumulong sa mala-doberman na bodyguard na humaharang sa kanya. Hindi niya narinig ang pinag-usapan ng dalawa. The conversation lasted for about five minutes. The guard scowled at her one last time before leaving.

“You want to see Zeke?” For a moment she wanted to ask him who the hell was Zeke. Noon niya naalalang iyon ang pangalang gamit ni Kiel. Nang tumango si Evie ay sumenyas ito na sumunod siya. Itinuro siya nito sa isang pinto at sinabing naroon ang lalaking hinahanap niya.

Ang buong akala niya ay gusto nitong tumulong. Gusto lang pala siyang gamitin nito para sa sariling amusement. That pissed her off some more. How she'd love to swipe that amused grin off his face with a slap of her palm. Iyon ay kung magagawa niyang lumingon nang hindi nadarapa habang naglalakad.

Isang sleek black *Mercedes-Benz* ang naghihintay sa kanila paglabas nila ng pinto. Binuksan ni Kiel ang passenger door sa likuran. Pinasakay siya nito at saka tumabi sa kanya sa loob. Umikot ang kaibigan nito sa harapan at tumabi naman sa driver. Evie cast Kiel a sideways glance as they rolled out of the vicinity. Gusto niya itong tanungin kung saan sila pupunta, pero masyadong mabilis ang kabog ng dibdib niya para makapagsalita.

Napatingin siya sa unahan. Nakatitig sa kanya sa rearview mirror ang lalaking hanggang ngayon ay hindi pa rin niya kilala. Ngumisi ito.

“Hey, Zeke, have you ever tried a threesome before?” Ang tanong ay ibinato nito kay Kiel, pero sa kanya

nakatingin.

Napaubo ang driver nila. Nawalan ng kulay ang buong mukha ni Evie.

Hindi siya ignorante sa ibig nitong sabihin. Mahilig siyang magbasa ng mga erotic romance novels. Her body might be untouched, but her mind knew how the sexual act was done. Just picturing what the man said had her blood running cold.

Threesome? Agad-agad? Ni hindi pa nga siya nakakaranas ng twosome!

*Naman, ano ba itong napasok ko?*

Of all the crazy ideas in her head, bakit ang pagiging hired escort pa ang napili niya? Not that it did her any good. Kung hindi siya tinulungan ng kaibigan ni Kiel, baka hanggang ngayon, nakikipagtalo pa rin siya sa guwardya, nakikiusap na papasukin siya.

Malalim ang buntong-hininga na pinakawalan ni Evie. Ang totoo ay desperada na siya. Nakasalalay sa mga kamay ni Kiel ang kinabukasan niya at ng lahat ng tauhan sa rancho. It was important that she talk to him, and moreso, to convince him.

“You’re awfully quiet. Don’t worry, sweetcakes, we’ll be very gentle.”

“Dante, shut the hell up,” saway ni Kiel na sinagot lang ni Dante ng isang nakakalokong tawa.

Nagmenor ang sasakyan sa harapan ng isang five-star hotel at dumerecho sa basement parking area. Bumaba ng sasakyan si Dante at maagap siyang pinagbuksan ng pinto. Bumaba rin si Kiel at lumipat sa tabi niya. The driver stayed inside the car.

“Let’s go.” Kiel grabbed her upper arm and led her to the elevator. Sumunod sa kanila si Dante. May ipinasok na key card si Kiel sa controls ng elevator at saka pinindot ang buton na may letter *P*. They were headed to the

penthouse.

Hindi humupa ang kaba ni Evie habang paakyat ang elevator. Hindi nakatulong na hawak pa rin ni Kiel ang braso niya at walang imik itong nakasandal lang sa dingding at nakatingin sa floor indicator. Ang kaibigan nitong si Dante ay nakasandal sa gilid, nakangising nakatitig sa kanya. The made-for-seduction dress and the f\*ck-me shoes she wore also did not help. Gusto niyang hilahin pababa ang laylayan ng shift dress para takpan ang kanyang mga hita. Pero mae-expose naman ang malaking bahagi ng kanyang dibdib kapag ginawa niya iyon. Nakikini-kinita na niya kung paanong luluwa ang mga mata ni Dante kapag nagkataon, samantalang si Kiel ay...

Hays, mukhang walang interes sa kanya ang huli.

Nagulat siya sa tunog na sinundan ng pagbukas ng elevator door. Lumabas sila sa isang pasilyo at tinungo ang nag-iisang pinto sa floor na iyon. Sa kabila ng kaba, napasinghap pa rin si Evie nang bumungad sa kanya ang living room ng penthouse apartment. The room was impressive with polished hardwood floors, a pair of circular sectional sofas with matching coffee table, a well-stocked liquor bar at one corner, and a wide plasma TV that occupied half of the far wall.

“Sit down.” Sumimangot siya dahil sa utos na iyon. Nevertheless, she sat down tugging the hem of her dress to cover her thighs. Napansin ni Kiel ang ginawa niya. Ngumisi ito. Lumapit si Dante at inabutan siya ng isang snifter.

“It’s brandy,” anito.

“P-pero hindi ako umiinom.”

“Drink. You’ll gonna need it.”

Napalunok ang dalaga. Talaga bang wala na siyang lusot? Na magiging willing victim siya sa perverse sexual fantasies ng dalawang lalaking ito?

She was desperate but could she really do it?

Ibinaba niya ang snifter sa coffee table, tumayo at hinarap si Kiel na nakaupo sa isang stool sa liquor bar.

“May gusto lang akong linawin. ’Yung sinabi niya, hindi ko ginagawa ’yun. I mean, hindi ako—”

Napalington siya sa malakas na halakhak ni Dante.

“Don’t worry, sweetcakes. I was only teasing you.”

“Talaga?” Hindi niya alam kung matutuwa o magagalit sa binata.

Tumango ito. He pointed sideways to Kiel with his thumb. “I know Zeke’s not into kinky group sex. And certainly, he doesn’t share his woman.”

Umawang ang bibig ni Evie. Lumipad ang mga mata niya kay Kiel—nagtatanong, nalilito. He eyed her wryly, enjoying every minute of her discomfort.

“H-hindi mo ba talaga ako natatandaan?” tanong niya sa mahinang tinig, hindi naitago ang hinanakit na kanina pa niya nararamdaman.

Anim na taon din silang lumaki na magkasama. Sa loob ng panahong iyon ay naging matalik silang magkaibigan. Fifteen years silang hindi nagkita at physically, maraming nagbago sa kanya. Pero ganoon ba siya kadaling kalimutan na kahit kaunting familiarity ay wala itong naramdaman? He needed only to look into her eyes and he’d know.

*’Wag mong kalimutan na umalis siyang galit sa iyo.*

Her heart twinged at the thought.

Ibinaba ni Kiel ang hawak na snifter at tumayo. His eyes never leaving her face.

“Dante, iwan mo muna kami.”

Nang lumabas ang kaibigan nito ay saka siya nilapitan ng binata.

“What do you want from me, Evangeline?”

Her eyes widened at the mention of her name. So,

hindi pala siya totoong nakalimutan nito.

Hope flickered inside her heart. Though faint, it was there. For the first time that night, her lips curved into a genuine smile.



*Damn!*

Hindi pa nakakabawi si Kiel sa muli nilang pagkikita ng babae. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwalang nasa harapan niya ang isang taong bahagi ng nakaraang hindi niya malimutan—si Evangeline ‘Evie’ Santos.

Nainis siya kay Dante dahil sa pagbibiro nito pero sa isang banda, naaliw rin siya sa nakitang pagpapalit-palit ng emosyon sa mukha ng dalaga. She’d always been an open book, her emotions clearly written on her beautiful face.

Nakaramdam siya ng guilt nang makita ang disappointment sa mga mata nito nang magkunwari siyang hindi ito kilala. And when at last he said her name, she smiled. The smile made her face glow. To him it felt like a sucker punch.

Sa isip ay muli siyang napamura.

Ano ba itong nararamdaman niya? Hindi si Evie ang unang magandang babae na nakilala niya. Sarah had her appeal and she was very pretty. So was every other fling he’d had over the years. There’s always attraction and there was lust.

Pagdating kay Evie, they were off-the-charts. Sa unang sulyap pa lang ay binuhay na nito ang kanyang libido. Kanina pa siya nagpipigil na sunggaban ang dalaga at gawin dito ang pantasyang naglalaro sa kanyang isip.

Hell, Dante was right when he said he’s not into group sex, but he wouldn’t mind a little kinky sex with Evie. Tie

her hands above her head and feel her squirm beneath him as he kissed his way down from her generous breast to that hot, wet spot between her thighs.

His dick hardened painfully, the tip brushing the seams of his jeans. Anymore and he'll end up with a case of blue balls.

*Shit!*

Kiel took a deep breath, tried to control the rush of desire and the burning sensation in his veins.

Kung mababasa ni Evie ang nasa isip niya, siguradong magmamadali itong tumakas. Isang pagkakamali na dinala niya ito sa hotel.

“Well?” Milagro na nagawa pa niyang magsalita. Tuyung-tuyo ang lalamunan niya.

“Kailangan kita.”

*Oh, hell!*

“Okay. Let's go to the bedroom.”

Umatras ito at pinagkrus ang dalawang braso sa dibdib. The action stretched the soft fabric of her dress over the delectable twin mounds. Agad natuon doon ang mga mata niya.

“Hindi iyon ang ibig kong sabihin. Hindi ako bayarang babae.”

“You sure are dressed like one. Hindi ba't iyon ang sinabi mo sa bantay ko?”

“I told you, dahilan ko lang iyon para makausap kita.” Huminga ito nang malalim. “Kailangan ka namin sa rancho. Kailangan mong bumalik, Kiel.”

Sa isang iglap, parang binuhusan ng malamig na tubig ang kanyang katawan. Isang panibagong tensyon ang nabuhay. This time it wasn't centered on his dick.

Naningkit ang mga mata niya.

“Alam mong wala na akong balak bumalik doon. And call me 'Zeke'. I don't answer to that name anymore.”



Tinalikuran niya ang dalaga.

Narinig niya ang malalim nitong buntong-hininga.

“Nagbabalak si Ervic na ibenta ang rancho. Hindi ako sigurado pero malakas ang kutob ko. Dalawang beses na siyang nagdala ng mga tao roon para libutin ang buong lugar.”

“Problema na iyon ni Don Victor.”

“Wala na si Don Victor. Dalawang taon na siyang patay.”


Natigilan si Kiel. Lumipad ang tingin niya kay Evie. Walang indikasyon na nagbibiro ito o nagdadahilan lang.

Ilang sandali na ninamnam niya ang sinabi nito, tinimbang ang nararamdaman. Wala siyang makapang malalim na lungkot. Wala kahit panghihinayang.

Nagkibit-balikat siya. “Lalong walang dahilan para bumalik ako. Si Ervic ang tagapagmana ni Don Victor. May karapatan siyang gawin ang gusto niya sa property.”

“Mali ka, Ki—uhm, Z-Zeke. Sa iyo ipinamana ni Don Victor ang rancho at hindi kay Ervic.”





## CHAPTER 3

**I**ndi pa rin makapaniwala si Kiel na babaliin niya ang sariling pangako at muling babalik sa lugar na nilisan niya fifteen years ago. A sense of foreboding invaded him.

*That's what you get for listening to your dick.* He snorted. Ang totoo ay hindi siya interesado sa rancho na ipinamana sa kanya ni Don Victor. The place could rot to hell for all he cared. Marami na siyang properties. Milyon ang kinikita ng mga investments niya. Hindi niya kailangan ang rancho at ang kakarampot na kitang naggenerate nito.

But seeing Evie again awakened something fierce inside him. Ngayon lang siya nakaramdam ng ganito katinding pagnansa sa isang babae. Hindi pa siya handang pakawalan ang dalaga. Gusto niyang malaman kung hanggang saan hahantong ang masidhing attraction na nararamdaman niya.

On a lighter note, it would be amusing to see Ervic's face when he saw him.

Habang binabagtas ng SUV ang daan pabalik ng *Rancho Fortun*, hindi niya maiwasang tingnan ang kanilang

dinaraan. It still amazed him—the rugged roads, deep gorges, plateaus and the endless spread of evergreen valleys with the occasional patches of colorful wildflowers. As they neared, he was rewarded with a view of the distant peaks of *Mount Kitanglad* stretching toward the sky saturated with the bright colors of early dusk. Dahil sa mataas na elevation, mas pino at malamig sa balat ang simoy na hangin.

This was the same out-of-the-picture-book place that took his breath away many years ago.



*Nanghahaba ang leeg ng sampung taong gulang na si Kiel habang sinusundan ng tingin ang kanilang dinaraan. Ngayon lang siya nakakita ng totoong bundok at parang kaylapit nito sa kinalalagyan nila. Kanina lang din siya nakasakay sa eroplano.*

*Pasimple niyang sinulyapan ang lalaking katabi niya sa passenger seat ng van. He smiled as his warm eyes raked his face. Hindi niya personal na kilala ang lalaki. Nakita lang niya ito noong nagdaang araw nang bigla siyang ipatawag ni Miss Luisa, ang directress ng orphanage kung saan siya dinala matapos mamatay sa aksidente ang mga magulang niya tatlong buwan na ang nakakaraan. Nagpakilala itong abogado ng kanyang biological father.*

*Matagal na niyang alam na hindi si Tatay Mariano ang totoong ama niya. Hindi iyon inilihim sa kanya ng ina niya. Wala siyang pakialam hindi man sila magkadugo. He was the most loving and most wonderful father a boy could ever have. They might not share the same DNA, but they shared a bond stronger than blood. Namana niya sa kinilalang ama ang hilig sa musika. The blood of a talented musician ran through his veins.*

*“Malapit na tayo sa rancho, hijo. Makikilala mo na si*

*Don Victor.” Tipid niyang nginitian ang abogado bago muling ibinalik ang pansin sa labas ng bintana.*

*Hindi man niya masabi, nasasabik siyang makilala ang totoong ama. Tatlong buwan pa lamang mula nang mamatay sa aksidente ang kanyang mga magulang. Isang malaking dagok sa kanya ang nangyari. Hindi pa siya handang palitan ang puwang ni Tatay Mariano sa puso niya. But knowing that he still had his biological father and that he’s interested to meet him brought him a sense of security and hope.*

*Isa pa’y maraming gustong itanong si Kiel sa kanyang ama, kaya sumama siya sa abogado. May mga hindi nasabi sa kanya ang ina niya noong nabubuhay pa ito. Katulad na lang ng kung bakit nagpakasal ito kay Tatay Mariano gayung buntis na ito sa totoo niyang ama. Maybe the sordid details were too much for a ten-year-old child to take in all at once. Wala na ang inay niya. Ang natitirang link sa buong kuwento ay ang tunay niyang ama.*

*Nadaanang nila ang isang komunidad. Nagsitabi ang mga batang naglalaro sa gitna ng daan para paraanin sila. Nagpakita naman ng curiosity ang ilang matatandang sandaling nagsitigil sa kanilang ginagawa para tingnan sila.*

*Hindi kalakihan ngunit maayos ang mga bahay na nadaanang nila. May maliit na talipapa, isang basketball court, at maliit na grocery. Sa dulo ay isang simbahan na yari sa kahoy at bato. Nakasabit sa katabing puno ang malaking kampanang tanso.*

*Isang grupo ng kalalakihan ang nakasalubong nila pagkalagpas ng bayan. Mga magsasaka sa kalapit na plantasyon ng tubo at taniman ng mais. Sandaling huminto ang mga ito at sinundan ng tingin ang mabagal nilang pagtakbo. Agad ding nawalan ng interes ang mga ito nang makatawid sila sa maikling tulay.*

*Mahigit kalahating oras pa ang tinakbo nila bago lumiko ang sasakyan sa rough road sa kanan. The van drove up and*

snaked along the undulating track. A sweeping vista of lush green and tree-lined valleys backdropped with rolling hills and distant mountains greeted him when they reached the opposite side.

Nasa mataas na bahagi pa sila, pero natatanaw na ng batang lalaki ang mga istrukturang nakatayo sa paligid ng malawak na lupain. Naaliw siyang panoorin ang mga baka at kabayo na nanginginain sa madamong bahagi ng parang.

May itinuro sa kanya ang abogado. Isang bahay na nakatayo sa tuktok ng isang plateau. “Doon nakatira ang papa mo.”

Ilang minuto pa’y pumasok na sila sa arko na entrada ng property ng kanyang ama.

“Sa pamilya ng Lola Isabel mo ang lupaing ito. More or less ay one hundred hectares ang sukat nito.”

Tumango na lamang si Kiel dahil hindi niya naman alam kung gaano kalaki iyon.

Sa wakas ay narating nila ang bahay ng kanyang ama. Yari sa pinagpatung-patong na katawan ng puno, pinakinis na bato at semento ang tatlong palapag na bahay.

Hindi mapigilan ni Kiel ang mamangha. Mas malaki pa ang bahay sa tinirhan nila sa Maynila at kahit kumpara sa pinanggalingan niyang ampunan.

Huminto ang sasakyan sa tapat niyon. Nagmadaling bumaba mula sa balkonahe ang isang lalaki.

Nakangiting hinawakan siya nito sa balikat nang makababa siya ng sasakyan.

“Ikaw na ba si Kiel? Ang laki mo na.” There was no denying the longing and pride in his voice. “Ako si Victor. Ako ang papa mo.”

Isang matandang lalaki ang lumabas ng bahay bago pa niya ma-acknowledge ang kanyang ama.

“What is the meaning of this? Sino ang batang ’yan, Victor?”

Victor tensed. *Hinarap nito ang matandang nakatayo sa balkonahe.*

*“This is Kiel, Papa. Anak ko siya.”*

*Kaunti na lang at magdidikit na ang mga kilay nito sa pagkakakunot ng noo. The look he gave Kiel sent a chill down his spine.*

*“Anak mo?” Malutong itong nagmura, walang pakialam na may ibang taong nakakarinig. Pasimple niyang tiningala ang katabing lalaki. Nagtatagis ang mga bagang nito, pero ni minsan ay hindi nito pinigilan ang matanda. Halata sa mukha nito ang matinding takot.*

*“Talagang nasisiraan ka na ng bait. Itinuloy mo pa rin ang gusto mo kahit binalaan na kita. At ginamit mo pa si Atty. Estrella.”*

*“Anak ko si Kiel, Papa. Patay na ang ina niya at wala siyang ibang kamag-anak. Hindi ko siya p’wedeng pabayaan.”*

*“Puñeta!”*

*“Papa? What’s wrong? Bakit kayo sumisigaw?” Isang babae ang lumabas mula sa bahay kasunod ang isang bata na sa tantya ni Kiel ay kaedad niya.*

*“Tingnan mo’ng ginawa ng magaling mong asawa. Ang lakas ng loob na iuwi rito ang bastardo niya!”*

*Malakas ang naging singhap ng babae. Nanlalaki ang mga matang tinitigan siya nito.*

*“Papa, apo mo rin siya.”*

*“Si Ervic lang ang apo ko. And unless you get your wife pregnant again, siya lang ang nag-iisa kong apo!”*

*“Pero, Papa—”*

*“Wala akong pakialam kung ano’ng gusto mong gawin sa kanya. Pero binabalaan kita, Victor. Malilintikan ka kapag itinira mo sa pamamahay ko ang bastardong ’yan.”*

*Padabog na bumalik sa loob ang matanda. Pinukol muna ng matalim na tingin ng babae si Victor bago ito sumunod sa biyenang. Naiwan sa labas ang batang lalaki. Taas-noong*

tinitigan siya nito mula ulo hanggang paa, nang-uuyam ang ngiti.

“Kiel, hintayin mo lang ako, ha?” ani Victor.

Nakasunod ang tingin niya nang umakyat ito sa balkonahe kasama ang abogado. Tinawag nito ang bata at inakbayan papasok sa bahay. Naiwan siya sa labas kasama ang driver ng van. Nasa paanan ang nag-iisang bag na naglalaman ng kanyang mga gamit. Nakasukbit sa balikang niya ang lumang gitara ng kanyang ama-amahan.

Inabot ng quince minutos bago siya binalikan ni Victor. Nagugutom na siya at giniginaw. Hindi siya sanay sa ganito kalamig na klima. Sa pagkakatiim ng mga labi nito at madilim nitong ekspresyon, alam niyang matatagalan pa bago siya makakain o mabigyan man lang ng jacket na pambawas-ginaw.

“Kiel, sumama ka sa akin.”

Binitbit nito ang kanyang bag. Walang-imik siyang sumunod sa lalaki. Tinalunton nila ang isang daan pababa sa malaking kuwadra ng kabayo. Isang lalaking hindi nalalayo sa edad nito ang lumapit kay Victor. Nag-usap ang dalawa sa isang sulok na malayo sa kanya. Alam niyang siya ang pinag-uusapan dahil panay ang tingin sa kanya ng lalaki.

Mayamaya pa’y lumapit ang mga ito sa kanya.

“Kiel, siya si Ernesto. Siya ang nag-aalaga ng mga kabayo rito. Nakiusap ako sa kanya na patirahin ka muna sa bahay nila. Malapit lang ’yun dito. Siya na ang bahala sa iyo. Tuturuan ka rin niya kung ano’ng mga dapat mong gawin dito sa rancho.”

Umawang ang bibig ng batang lalaki. Kinuha ba siya ni Victor dahil gusto nitong punan ang pagkukulang nito bilang ama o kailangan lang nito ng dagdag na tauhan sa rancho?

His father turned pleading eyes on him. That moment he knew. Iyong mga bagay na hindi nasabi ng kanyang ina. Ang karugtong ng kuwento. Alam na niya. Nakita mismo ng

*kanyang mga mata.*



“Zeke?”

Nagulat si Zeke sa pagdampi ng kamay sa kanyang balikat. Nilingon niya si Evie na nakaupo sa driver side, nakatitig sa kanya.

“Narito na tayo.”

*Right!* Tumango siya at bumaba ng sasakyan. Nasa labas na si Dante, nakatitig sa grazing ground sa ibaba ng plateau.

“Man, this place is freaking awesome!” Despite the bad memories the place held, Kiel couldn’t agree more with his friend.

Pinagmasdan niya ang paligid. Naroon pa rin ang kuwadra ng kabayo, ang malaking barn na pinagkukulungan ng mga baka. Nababakuran pa rin ng kahoy at chain link fence ang pastulan. Napansin niyang walang kabayo sa riding stable at iilan ang mga baka sa pastulan. May bahagi rin nito, iyong malapit sa paanan ng burol na dati ay nakatiwangwang lang, ang natatamnan ng mais.

“Ang mabuti pa’y pumasok na muna tayo sa loob at nang makapagpahinga kayo. Nagluto si Tiyang ng merienda para sa inyo,” sabi ni Evie mula sa likuran nila.

As if on cue, lumitaw sa bungad ng bahay ang tiyahin ni Evie, si Carlota, ang kusinera ng mga Madrigal.

“Kiel, ikaw na ba ’yan?”

He smiled, his eyes glowing with fondness for the old woman. Isa ito sa mga taong napalapit sa kanya sa ilang taong itinigil niya sa rancho.

Sinalubong siya ng mahigpit na yakap ng matanda.

“Naku, binatang-binata ka na. At ang guwapo mo!” Muli siyang niyakap nito. Nanginginig ang tinig nito nang



muling magsalita. “Akala ko’y hindi mo na talaga kami babalikan, Kiel.”

“Tiyang, Zeke na po ang pangalan niya ngayon,” pagtatama ni Evie sa tiyahin. Walang halong sarkasmo sa tinig nito. Just the slight hint of sadness.

“G-ganoon ba? Naku, pasensya ka na ha? Pero bagay sa iyo ang pangalan mo. Star na star ang dating.”

Bago pa makapagsalita ang binata ay tumikhim si Dante sa tabi niya. Natuon ang pansin dito ni Tiya Carlota.

“Ako nga po pala si Dante. Kaibigan ko po si Zeke.”

Ngumiti ang matandang babae, halatang naaliw sa slang na pananagalog ni Dante.

“Naku, mabuti naman at marunong kang managalog. Magdurugo ang ilong ko kung hindi.”

Humalakhak si Dante. “Wag kayong mag-alala, Tiyang. Para sa inyo, magta-Tagalog ako kahit baluktot,” sabi nito, sabay akbay sa kausap. The old woman, clearly charmed, led him inside the house.

Sumunod silang dalawa ni Evie.

“Ipinaakyat ko na sa itaas ang maleta n’yo. Pinalinis na ni Tiyang’yung isang guest room para sa iyo. Magkatabi kayo ng room ni Dante. I... I hope it’s okay.”

“It’s fine,” matabang na sagot niya.

“Gusto ko sanang ipalinis’yung master’s bedroom, pero may mga gamit pa si Ervic doon.”

“Evie, any room is fine with me. Sa kuwadra ako natutulong dati. Nakalimutan mo na?”

She cringed and lowered her eyes. Hindi na ito nagsalita pa hanggang makapasok sila.

Nakakapanibago. Ngayon lang siya pumasok sa bahay gamit ang front door. Dati-rati ay ang pinto sa kusina ang ginagamit ni Kiel dahil hanggang doon lang siya pinapayagang pumasok. Sa labas lang niya natatanaw ang living room at minsan lamang din siyang nakaakyat sa

second floor.

And that one time led to—

“Tinawagan ko na nga pala si Atty. Estrella bago tayo umalis ng Manila. Bukas pa siya makakapunta dito.”

Nagkibit lang siya ng balikat.

“Wala kang dapat ipag-alala. Bihirang umuwi dito si Ervic. Umuuwi lang siya kapag may—”


“I’m not worried, Evie. And I’m also not afraid of my half-brother.”

Kinagat nito ang pang-ibabang labi, apologetic ang ngiti.

Bawal tumuntong si Kiel sa loob ng bahay na ito noon, pero pag-aari na niya ito ngayon. At ang taong nagbalik sa kanya rito ay siya ring naging instrumento sa pagpapalayas sa kanya noong una.

What an irony!





## CHAPTER 4

“Uhm... since okay ka na dito, uuwi na ako,” paalam ni Evie kay Kiel. Inihatid niya ito sa tutuluyang kuwarte. Two-doors down, Dante settled into his own room.

“Wait, uuwi? Dito ka nakatira, di ba?”

She giggled. “Ibinigay sa akin ni Don Victor ’yung lumang cottage sa may burol, malapit sa maisan.”

“The dilapidated cottage?”

Madalas silang magpunta roon ni Kiel noong mga bata pa sila. As a child, she believed it was haunted. The perfect adventure place for a seven-year-old with a wild imagination.

“Hindi na siya dilapidated ngayon. Tinulungan ako nina Tatay Ernesto at ng ibang mga tauhan dito. Ni-repair namin paunti-unti. Maganda na siya ngayon.”

“But that’s too far from here.” Fifteen minutes drive away. Malapit na iyon sa western border ng property ng mga Madrigal. Nasa gilid iyon ng mababang burol at nakatago sa linya ng mga puno. May makipot na dirt trail paakyat sa cottage.

“It’s isolated but it’s safe.” At kahit paano, matatawag

niyang pag-aari niya. Siniguro iyon ni Don Victor nang ibigay nito sa kanya ang kapirasong lupang kinatitirikan ng cottage. “Isa pa’y kasama ko naman si Dallas, ’yung aso ko.”

Kiel’s expression turned pensive. Naalala kaya nito si Buster, ang tutang napulot nila nang minsang isama sila ni Tiyang Carlota sa bayan? Magkasama nilang inalagaan si Buster hanggang sa gumaling ang mga sugat at bumalik ang lakas nito. Tatlong taon na ito nang umalis si Kiel.

“Uhm... salamat nga pala dahil sumama ka pabalik dito.”

“Wag mo muna akong pasalamatan. I haven’t decided what to do yet.”

“Malaking bagay na ’yung presensya mo. At saka may tiwala ako sa iyo. Alam kong gagawin mo kung ano ang tama.”

Kiel snorted. “You have too much faith in me, Evie. Gusto ko lang ipaalala na *hindi* na ako ang dating kaibigan na nakilala mo. You have no idea how much I’ve changed. Don’t expect me to be nice.”

Parang kinurot ang puso niya. She had to swallow the bile rising from her throat. “I-ibig bang sabihin, hindi mo na ’ko itinuturing na kaibigan?”

“Oh, I don’t mind us being friends.”

Tinawid ng binata ang kapirasong distansya sa pagitan nila. Titig na titig ito sa mukha niya. His gaze was like tongues of fire licking her skin, searing her. She could feel the heat seep into her bones.

Umangat ang isang kamay nito, marahang humaplos ang isang daliri sa kanyang pisngi. “But I want you now for an entirely different reason.”

Napigil niya ang hininga nang gumapang ang masarap na kilabot sa kanyang gulugod. Naging eratiko ang tibok ng kanyang puso dahil sa sandaling haplos na iyon.

Naramdaman na niya ang kakaibang tensyon sa pagitan nila nang muli silang magkaharap pagkatapos ng concert nito. It wasn't just the shock of being face-to-face again with an old friend after fifteen years. The air around them crackled with rising sexual awareness. As unexpected as it was, she couldn't control her body's response. He was a freaking wet dream, a woman's best fantasy come to life.

For the first time in her life, Evie knew how it felt to be sexually aroused. Oh, yes! There was no other way to explain the sudden changes she'd experience. Heart palpitations, shivers running down her spine, goosebumps all over her skin and the hot, throbbing sensation between her thighs.

During the ride to his hotel, she'd fantasized about him. Wondered how it would feel like to have his arms around her, his lips kissing every inch of her naked flesh, his hands exploring her hidden places, caressing parts of her no man had ever touched. It took every ounce of her self-control to hide her emotions from him.

"Maybe now's the time to discuss a deal."

"D-deal?" nalilitong tanong niya.

"Alam mong wala akong interes sa rancho. Sumama ako dahil sa iyo. Ikaw ang gusto kong kapalit ng pagbabalik ko rito. You understand what I mean, don't you, Evie? I want you—naked and willing—on my bed."

Wala sa sariling tumango siya. Ngumisi ang lalaki. Parang may kung anong pumiga sa puso niya. Tumikhim siya para maalis ang bara sa kanyang lalamunan.

"Don't look so frightened. I don't force women. I'll give you until the end of the month and then you'll come to me."

"A-ano'ng gagawin mo kung hindi ako pumayag?"

Nagkibit-balikat ito. "Alam mo na ang sagot ko."

Malalim ang pinakawalan niyang buntong-hininga.

Batid ni Kiel kung gaano kahalaga sa kanya ang rancho at ang kapakanan ng mga taong nakatira at nakikinabang dito. Malakas ang loob nitong alukin siya ng ganoong deal dahil alam nitong hindi siya makakatanggi. At wala siyang duda na aware ito sa matinding attraction na nararamdaman niya.

When—not if—she’s ready, they could have an affair for as long as he meant to stay. Iyon lang ang konsolasyon niya.

Pero hindi lang lust ang nararamdaman ng dalaga. Hindi lang sex ang gusto niya at lalong hindi ang isang panandaliang relasyon.

Mula nang umalis si Kiel sa rancho ay walang araw na hindi niya hinintay ang pagbabalik nito. Kung nasa tamang edad lang siya noon, wala siyang hindi gagawin masundan lang ang kaibigan.

Magkatulad sila sa maraming bagay. Pareho silang solong anak. Pareho silang naulila sa magulang sa murang edad. Pareho silang mahirap at umaasa lang sa kabutihang-loob ng ibang tao. Pero kapag magkasama sila, wala siyang maramdamang kulang sa buhay niya. Anumang problema ay gumagaan. Anumang lungkot ay nawawala. Magkakampi sila. At pag-aari nila ang maliit nilang mundo.

Evie never questioned her attachment to him. Maraming taon pa ang lumipas bago niya naintindihan. Kiel was *it* for her. Her young heart instinctively knew all along.

Over the years, she never stopped missing him. Lahat ng news articles na patungkol dito ay inipon niya at idinikit sa isang scrapbook. May framed poster siya ng binata na nakasabit sa dingding ng kanyang maliit na kuwarto bukod pa sa mga pictures na ginupit niya sa magazines at newspapers na inilagay niya sa photo album.

They were her most precious treasures and her love for him was her biggest secret.

So yes, what she wanted was forever with him. She wanted the real thing. Sa puntong iyon, hindi sila magkatulad ng binata.

“Mangako kang gagawin mo ang lahat para iligtas ang rancho.”

Matiim siyang pinagmasdan nito. Ilang segundo ang lumipas bago ito sumagot, “I promise.”

Wala na siyang choice. “O-okay. It’s a deal.”

Ngumiti ang binata. “Good.” Hinawakan nito ang kanyang baba at itinaas ang kanyang mukha. “Why don’t we seal it with something more binding?”

Bago pa siya maka-react ay mabilis na nitong nasakop ang kanyang mga labi.

In her limited experience, the kiss was light. But she felt the impact down to her toes.

“There. That should do it,” bulong ni Kiel nang pakawalan siya.

Umatras siya nang ilang hakbang. “I... I better go. Magkita na lang tayo bukas. Good night!”

Nasa pinto na siya nang muling tawagin ng binata. “Next time I kiss you, it won’t be like that, Evie.”

Hindi na siya nag-abalang magkomento. Kumakabog ang dibdib na mabilis siyang bumaba. Huminto siya sandali sa paanan ng hagdanan para kalmahin ang sarili. Mabuti na lang at hindi na niya kailangang magpaalam sa tiyahin dahil nagawa na niya iyon kanina. Hindi niya kayang ipaliwanag dito ang nangyari lalo na ang kasunduang tinanguan niya.

Lumabas siya sa pinto sa kusina dahil mas malapit iyon sa pinagparadahan niya ng jeep. Kailangan muna niyang sunduin si Dallas kina Tatay Ernesto bago siya umuwi. Sa likod lang ng kuwadra ng kabayo ang bahay

Malayo pa'y dinig na niya ang kahol ng kanyang aso. Kapaparada lang niya ng jeep nang bumukas ang pinto ng bahay at tumakbo palabas ang isang itim na Labrador retriever.

"Whoa!" Dinamba siya ng kanyang alaga. Iniiwas niya ang mukha sa walang tigil na pagdila nito. "Dallas!"

Kumahol ito, nagpatalun-talon sa harapan niya habang panay ang kawag ng buntot.

"Dalawang araw ka kasing hindi nakita kaya ganyan 'yan," nakangiting sabi ni Tatay Ernesto.

Lumuhod siya at kinausap ang alaga habang minamasahe ang leeg nito. She'd give him a belly rub later.

"Narinig kong kasama mo pabalik dito si Kiel. Mabuti't nakumbinsi mo siya."

Tumango siya. "Hindi ho madali pero pumayag siyang bumalik dito. Hindi rin ho siya magtatagal." That thought left a bitter taste in her mouth.

"Sa palagay mo, pipigilan niya si Ervic?"

Tumango si Evie, hindi makatingin nang derecho sa matanda. "N-nangako ho siya sa akin."

"Naku, mabuti naman." Halata sa tinig ng kausap ang kasiyahan. Kung alam lang nito ang kapalit ng pangakong iyon.

"Ibang-iba talaga ang batang iyon sa kapatid niya."

Kahit magkapatid sa ama, kabaligtaran ng ugali ni Kiel ang ugali ni Ervic. Arogante si Ervic at ni minsan ay hindi nagpakita ng respeto sa kanila. But Kiel... he was once one of them. And no matter how much he'd changed, a big part of her knew that he still cared. More than the deal, she was counting on that.

Bukod pa sa ang binata naman talaga ang legal na may-ari ng rancho.

"Magtiwala na lang ho tayo na gagawin ni Zeke kung



anuman ang makakabuti sa atin.”

“Zeke?”

“Iyon na ho ang pangalan niya ngayon. Hindi na ho siya nagpapatawag ng ‘Kiel.’”

Lumatay ang pag-aalala sa mukha ni Tatay Ernesto. Hindi niya ito masisi. Sa rancho na ito lumaki at nagkaisip, nag-asawa’t nagkaanak. Ang tatlong anak nito ay sa rancho rin nagtatrabaho. Wala nang ibang mapupuntahan ang mga ito kapag naibenta ang rancho at napalayas silang lahat doon.

“Wag na kayong masyadong mag-alala, ‘Tay. Hindi ho tayo pababayaan ni Zeke.”

Nagpaalam na siya sa matanda. Kasama si Dallas na kontentong nakaupo sa passenger seat, pinaandar na niya ang sasakyan. Hindi kalayuan, huminto siyang muli sa bukana ng isang dirt trail papasok sa mapunong bahagi. Sa dulo niyon ay isang sapa.

Sinulyapan niya si Dallas. “Gusto mong mamasyal muna sa sapa?” Nang kumahol ito ay humalakhak siya at saka iniliko ang sasakyan sa kanan. She stopped a few feet from the stream.

Bumaba siya ng sasakyan. Sumunod sa kanya si Dallas. Lumapit siya sa sapa at naupo sa ibabaw ng malaking bato sa gilid niyon. Naiilawan ng headlights ng kanyang jeep ang bahagi ng lugar.

Naglaro si Dallas sa mababaw na bahagi ng sapa. Humahalo sa pagaspas ng mga dahon at paminsan-minsang huni ng mga panggabing kulisap ang masiglang kahol nito.

Memorable sa kanya ang lugar na ito dahil dito niya nakilala si Kiel. Actually, she heard him first. It was the song he played on his guitar that led her to him.

Tandang-tanda niya ang araw na iyon na parang kahapon lang nangyari...



*“Evie, dito ka muna, ha? Hahanapin ko lang si Don Victor. Huwag kang malikot para hindi mabulabog ang mga kabayo.” Naupo siya sa isang nakataob na timba sa loob ng kuwadra. Wala pang isang minutong nakakaalis ang kanyang tiyahin ay hindi na siya mapakali.*

*Tumayo siya at lumapit sa stall ng mga kabayo. Isa lang ang okupado. The black stallion stared at her with round eyes. She stared back. The horse snorted. She scowled. Nang tangkain niya itong hawakan ay bigla na lang itong humalinghing at dumamba. The stall door rattled. Sa gulat ay napasigaw siya at nagtatakbo palabas. Basta na lang siya tumakbo kung saan. Huminto lamang siya nang maramdamang walang kabayong humahabol sa kanya. Humihingal na sumandal siya sa isang puno. A few minutes later, she realized she was lost. Napapaligiran siya ng mga puno at hindi niya matandaan kung saan siya nanggaling. Hindi rin niya alam kung saan pupunta.*

*Napahikbi si Evie, kinuyumos ang laylayan ng t-shirt dahil sa takot. “T-Tiya...” Siguradong pagagalitan siya ng kanyang tiyahin. Pero sa mga oras na iyon ay wala siyang pakialam kung paluin man siya nito. Basta mahanap lang siya ng nakatatandang babae. Ayaw niyang umalis sa puwesto dahil baka lalo lang siyang mapalayo.*

*Suddenly, somewhere from her left, she heard the strums of a guitar. Curious, she followed the music. Bumungad sa kanya ang isang sapa. Sa isang tabi, isang batang lalaki ang nakaupo sa malaking bato.*

*Nagkubli siya sa likod ng isang shrub. She watched him silently. The movement of his fingers mesmerized her, the music hypnotic to her ears. Bigla ay hindi na siya kontentong panoorin ito sa malayo.*

*Sandaling tumigil sa pagtugtog ang lalaki nang mapansin*

siya. *She smiled and squatted. Itinuloy nito ang paggigitara. Every few seconds she crab-walked toward him until she was squatting at his feet.*

*Sumulyap ito sa kanya. Malapad siyang ngumiti. Malakas ang naging palakpak niya nang matapos ito.*

*“Ang galing! Tumugtog ka uli.” Tumaas ang isang kilay nito. “Sige na, isa pa.” Pero hindi na ito nagkaroon ng pagkakataon dahil lumabas sa pinanggalingan niya ang kanyang Tiya Carlota. Kasunod nito ang isang lalaki.*

*“Evie!”*

*Sinugod niya ito ng yakap. “Tiya!”*

*“Pambihira kang bata ka! Hindi ba’t sinabi ko sa iyong ’wag kang lalabas ng kuwadra?”*

*Noon siya bumunghalit ng iyak. “E-eh, kasi po, “y-yung kabayo—”*

*“Wag mo na siyang pagalitan, Carlota. Ang mahalaga’y nakita natin siya.” Matagal niyang tinitigan ang nagsalitang lalaki. Mukha itong mabait. *She gave the older man a wide, gap-toothed grin. Gumanti ito ng ngiti bago sinulyapan ang batang lalaki. “Kiel.”**

*Nakita niyang tumango ang bata. Hindi ito umalis sa kinauupuan para lumapit sa kanila.*


*“Mag-sorry ka kay Don Victor.”*

*“S-sorry po.”*

*“It’s okay, hija. Let’s go home.” Muli itong sumulyap sa batang lalaki. “Hindi ka pa ba uuwi?” tanong nito. Isang iling ang naging sagot ng bata. Ni hindi nito tiningnan si Don Victor.*

*Isang malalim na hininga ang pinakawalan ng lalaki bago walang imik na naglakad palayo. “Halika na. Maiwan ka na namin, Kiel.”*

*“Ba-bye, Kiel!” paalam niya, sabay kaway. Noon ito tumingala, ngumiti at kumaway rin sa kanya.*

A decorative floral wreath with intricate scrollwork and floral patterns, framing the chapter title.

## CHAPTER 5

Sumisingit sa siwang ng kurtina ang sikat ng araw nang magising si Kiel kinabukasan. Six thirty pa lang ng umaga. Hindi ang normal na gising niya kung nagkataong nasa New York siya. He stood, surprised at the feel of being well-rested. Since becoming a celebrity, he had never felt this relaxed in a very long while.

Hinawi niya ang kurtina at sumilip sa labas. Tanaw niya ang buong valley mula sa kanyang bintana. He breathed in the cool mountain air, pleased by the smell of dewy grass and fresh earth. Sunrise painted the clouds a deep yellow with orange to pinkish highlights against a spread of vivid blue. A fine mist covered the hillsides and the adjacent cornfields. The very picture of a perfect morning.

Down the valley, cattles were being herded out of the corral to the grazing ground, fewer than he remembered. Two riders flanked the herd while a third tailed behind.

Ang pangatlong rider ang higit na kumuha ng kanyang pansin. Kahit sa malayo ay kilala niya ang bulto ni Evie. And damn if she didn't look any sexier in jeans, boots and a checkered shirt!

She looked comfortable on the saddle, her posture

straight and confident. Bahasa nang mangabayo si Kiel bago pa siya napalayas sa rancho samantalang nag-aaral pa lang si Evie. Nagbunga ang pagtuturo ni Tatay Ernesto. Lumaki itong isang graceful rider. He would love to ride with her, watch every sway of her body as they led the horses to a walk and the determined look on her face as he raced her, her wild raven hair flowing against the wind.

But what he would love most was to see her—naked and moaning—ride him.

Ilang minuto rin niyang pinagmasdan ang dalaga bago nagpasyang umalis sa tapat ng bintana. The sight of her did crazy things to his brain and his libido. He needed a cold shower. But he had a feeling even that wouldn't be enough.

Pagkatapos mag-shower ay bumaba na siya. Nagulat siya nang madatnan si Dante na nakaupo na sa hapag at hawak ang isang mug ng umuusok na kape. Abala sa pagluluto ng almusal si Tiya Carlota. Kumalam ang tiyan niya nang maamoy ang tapang baka na piniprito nito. Sa mesa ay nakahain na ang dalawang bandehado ng sunny side-up egg. Malasado gaya ng paborito niya.

“You're up early,” bati ni Dante nang makita siya.

“I was going to say the same thing. Pagkakatanda ko'y pareho tayong late riser.”

“Slept like a baby last night.” Umiling ito at ngumiti. “I've never been to a more relaxing place in my life. You've got something special here, man.”

*And someone special*, a voice inside him said as a picture of Evie suddenly appeared on his mind. He frowned.

Iyon din ang parehong tinig na umuusig sa kanya dahil sa stupid deal na inihain niya sa dalaga at tinanggap nito. Bigla lang pumasok ang ideyang iyon sa isip niya. Sinamantala niya ang attachment ni Evie sa rancho para mapapayag ito. Hindi siya nagsisisi pero aminado siyang hindi rin lubos ang kasiyahan niya.

“Zeke?”

Tinapik siya ni Dante sa balikat. “Pare, kanina ka pa tinatanong ni Tita Carlota.”

Sumulyap siya sa matandang babae. “Pasensya na po.”

“Ayo lang, hijo. Ano nga pala’ng gusto mong inumin? Hindi ko alam kung mahilig ka pa rin sa kape hanggang ngayon.”

A stab of guilt pierced him.

Hindi si Tiya Carlota o sinumang tauhan sa rancho ang may atraso sa kanya. Kung tutuusin, ang mga ito pa nga ang nag-alaga at nagpahalaga sa kanya noon. Sa galit niya sa pamilya Madrigal, hindi sinasadyang idinamay niya pati mga walang kamalay-malay na tao.

Alam niya kung gaano kasabik ang mga tao sa rancho na muli siyang makita. At kung totoo ang sinabi ni Evie, malaki ang paniniwala ng mga tao roon na siya lang ang makakatulong sa mga ito. Pero unang araw pa lang niya sa rancho, nagtayo na siya ng invincible barrier sa sarili niya. Ipinakita agad niya na hindi na siya si Kiel kundi si Zeke, isang estranghero.

Now he felt bad about alienating the people who looked after him when his own father couldn’t.

“Kape na lang po. ’Yung dating timpla n’yo.”

Nakabawas sa guilt niya ang matamis na ngiti ng matanda. Ilang minuto lang ay iniabot na nito sa kanya ang mug ng kape. He took a sip and couldn’t help but moan. The sweet, winey taste was just as he remembered. Better than *Starbucks*.

Mas sumarap pa dahil sa kasiyahang lumarawan sa mukha ni Tiya Carlota.

Nakataas ang isang kilay ni Dante nang sulyapan niya. Nagkibit-balikat siya.

Alam nito ang totoong saloobin niya tungkol sa rancho. Seeing that the place and the people had already charmed

the guy, his friend had a mouthful to say to him. At magsasalita ito oras na magkaroon ito ng pagkakataon.

Pansamantala, humingi ito ng isa pang serving ng kape.

“Konti na lang maluluto na ang almusal natin.”

Inutusan ng matandang maghain ang kasama nitong babae. “Teka’t tatawagin ko na si Evie at nang makakain na tayo.”

Tumayo siya. “Ako na po’ng tatawag kay Evie.”

“Ha? Ayos lang ba, hijo?” Sumulyap ito sa wall clock.

“Alam naman ng batang ’yun kung anong oras ang almusal.”

“Then, sasalubungin ko na lang po siya.”

Bitbit ang tasa ng kape, lumabas ng bahay si Kiel.

Malayu-layo ang distansya ni Evie sa kanya. Sa halip na maglakad pababa para lapitan ito, ginawa niya ang palagi niyang ginagawa noon sa tuwing tinatawag ang babae. He stuck two fingers inside his mouth and whistled. Dinala ng hangin ang tunog sa kinaroroonan ng pakay.

Napangiti siya nang biglang lumingon si Evie. Naaalala pa rin nito sa kabila ng maraming taon.

Kumaway ang dalaga. Iginiya nito ang kabayo pabalik sa kanya. She leaned forward and urged the horse into a canter. Kasabay nitong tumakbo ang isang aso.

Nang ilang metro na lang ang layo ni Evie ay pinabagal nito ang takbo ng kabayo hanggang sa naglalakad na lang iyon. The dog raced on, zeroing on him. His excited barks brought memories of another dog to his mind.

The dog stopped a couple of feet from him, sat, rolled out his tongue and wagged his tail. Grinning, his curious eyes stared up at him.

“Hmm... hindi halatang excited si Dallas na makilala ka,” came Evie’s teasing tone.

Lumuhod siya at ginulo ang balahibo ng aso.

Gumapang palapit ang hayop. Natatawang minasahe niya

ang leeg nito at likod ng tainga. Hindi nakaligtas sa kanya ang mahinang ungol nito.

“Gusto ka niya. Ingat ka baka ma-spoil mo siya.”

Tiningala niya si Evie. Nakababa na ito ng kabayo.

“He’s too friendly. Not much for a guard dog.”

Ngumiti ito. “You’ll be surprised. Hindi siya mabait sa mga taong nase-sense niyang p’wedeng maging threat sa akin. Hintayin mong dumating si Ervic. Panoorin mo kung paano siya mag-react.”

He stood up after petting Dallas one more time. “So, he thinks I’m not a threat to you?”

Two bright pink spots appeared on her cheeks. It made her more gorgeous.

Nagkibit ng balikat si Evie. “Bakit mo nga pala ako tinawag?”

“Handa na ang almusal. Ipinasundo ka ni Tiya Carlota.”

Tumango ito. “Ibabalik ko lang si Hermes sa stall niya.”

“I’ll walk with you.” Dinampot niya ang tasa ng kape na ipinatong niya sa isang bato saka sumabay sa dalaga. Sa likuran nila ay nakasunod si Dallas.

“So when did you get him?”

“Three years ago. K-kamamatay lang ni Buster noon. N-napansin ni Don Victor na sobra akong nalungkot. One day, pinuntahan niya ako sa cottage. Dala niya si Dallas, only a few weeks old. I fell in love with him at first sight. He’s sweet.” Kumahol si Dallas na parang naintindihan nito na ito ang topic ng usapan.

Sinulyapan ng binata ang aso. “I’m sure he is.”

Nasa kuwadra na sila. Inalis ni Evie ang saddle, sinuklay ang balahibo ng kabayo bago ito ibinalik sa box stall. Naglagay rin ito ng pagkain at tubig para sa kabayo.

“Can I ask you something?”

Nakangiting tumitig si Evie sa kanya. “Oo naman.”

“Tatlong kabayo lang ang nakita ko. At bukod kay



Hermes, bakante na ang ibang stalls. I also noticed that there are fewer cattles outside than I remembered.”

“Iyon ba?” Hindi nakaligtas sa kanya ang malalim nitong buntong-hininga pati na ang malungkot na tono nito nang muling magsalita. “Mula nang mamatay si Don Victor, si Ervic na ang namahala sa finances ng buong rancho. Nagsimula siyang magbenta ng cattles sa murang halaga. Nang komprontahin ko siya, sinabi niyang ginawa niya ’yun dahil nalulugi ang rancho. Pero hindi naman niya ginamit dito ang pinagbentahan.”

“When did he start selling the horses?”

“Siguro mga isang taon na.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Kiel. Sa pagkakatanda niya ay sampu ang kabayo sa rancho. “He sold seven prime breed horses in a year?”

“Ten. Nakapag-acquire ng dalawang dappled Palomino mare at isang Arabian Thoroughbred si Don Victor bago siya namatay. Sila na lang ang natira.”

“Si Toro?” The Arab stallion he helped break.

Umiling si Evie. “Siya ang unang ibinenta ni Ervic.”

Damn! He loved that horse. Siya lang ang nakakasakay sa kabayong iyon. Minsang sinubukan itong sakyan ni Ervic, nabalian ito ng buto nang ihulog ni Toro.

He could picture Ervic’s smug grin while getting rid of his horse.

“Hindi ako naniwalang nalulugi ang rancho noon. Pero sa ginawa ni Ervic, wala nang natira sa kinita ng rancho for the past years. Lahat ng perang pumapasok ngayo’y sa maintenance napupunta. I could barely pay the workers’ wages.”

“Kaya ba pinatamnan mo ng mais ang lupa malapit sa burol?”

“Hindi naman ginagamit ang lupang ’yun. I had it tested. Lumabas na suitable ang lupa sa pagtatanim ng

mais.” A wistful smile curved her lips. “Maganda ang ani namin noong isang taon. At sa tingin ko, maganda rin ang magiging ani namin ngayon. Kahit paano, nakatulong iyon sa mga tao rito. Dagdag kita ba?”

Habang tumatagal, yumayabong ang paghanga ni Kiel kay Evie. Matalino ito, may initiative at higit sa lahat, may pagpapahalaga sa rancho at sa mga tauhan nito. Bagay na hindi ipinakita ni Ervic, at nakakalungkot man, wala rin sa kanya.

“May nakilala akong tao n’ung minsang magpunta ako sa Maramag. Member siya ng *BUGSRA*, association of goat and sheep raisers. Naengganyo akong pag-aralan ang pagbi-breed ng sheeps. In-demand daw kasi sa ibang bansa ang wool. Nakausap ko na si Tatay Ernesto at ’yung ibang tauhan sa rancho. Interesado rin silang subukan. Kaso...”

“Gustong ibenta ni Ervic ang rancho.”

“Matagal na akong kinukutuban na may balak siyang gawin iyon. Pagkatapos ’yun nga, isang araw may dinala siyang mga tao sa rancho. Mga potential buyers na pala. Kung hindi ko ninakaw ’yung titulo, baka...”

Napangiti ang binata sa huling sinabi nito. Stealing the land title was very clever of her. It stalled Ervic’s plan long enough for her to reach him. Paano kaya kung nagkataong hindi kasama ang Pilipinas sa world tour ng album niya?

Wala siyang duda na gagawa’t gagawa ito ng paraan para makausap siya. Another thing admirable about her—her determination.

“Hindi maganda ang lagay ng finances ng rancho. Pero kilala mo naman ang mga tao rito. Kung pababayaan lang kami ni Ervic, makakaraos kami. At isang araw, maibabalik namin sa dati ang lagay ng rancho.”

Wala siyang duda roon. They had been self-sufficient from the day Don Victor died and they’d survived even with Ervic’s machinations.

“A-alam kong hindi naging maganda ang memories mo rito sa rancho. Alam ko rin na hindi tamang pinilit kita na bumalik dito. Pero—”

“Anong oras ang dating ni Atty. Estrella?”

“Nine or ten ang sabi niya.”

“Then let’s postpone the discussion until then. Naghihintay ang almusal.”

Marahan itong tumango. Kinagat nito ang pang-ibabang labi. The uncertained look on her face gutted him. Even with their deal she still doubted him.

*Kasalanan mo.*

“Evie...” Hinawakan niya ito sa magkabilang balikat. “May deal tayo.” Alam niyang hindi iyon ang tamang oras para ipaalala rito. But a sudden and potent need to assure her consumed him. “Gusto ko lang malaman mo na kahit kailan, hindi ako sumisira sa kasunduan.”

Mainit pa sa sikat ng araw ang ngiti nito. Hindi lang gumaan ang pakiramdam niya. That smile brought back the familiar joy he hadn’t felt for quite a long while.

“T-thank you!”

The pretty flush on her face made her even more desirable. He could feel the soft flesh beneath his hands. The sudden urge to slide them down her arms and feel the smoothness of her sun-kissed skin was too strong he had to tug his hands away. They were standing too close. He could feel her warmth through the thin material of her clothing, swirling around him. Her feminine scent assaulted his senses, gave him the mad urge to bury his hand in her hair, pull her and breathe her in. The picture flushed his blood down south. He gritted his teeth and balled his hands to stop the sudden flare of desire.

Damn but he wanted her! His hard-as-steel dick stirred in agreement.